# Saloobin at Antas ng Kasanayan sa Pagsasalita ng mga Mag-Aaral sa Mansasa National High School

## *(Attitudes and Levels of Speaking Proficiency Among Students at Mansasa National High School)*

**Jethamae H. Honculada, MATFIL**
Instructor III
Bohol Island State University, Bohol, Philippines
jethamae.honculada@bisu.edu.ph

**Ruth Celine C. Narciso**
Bohol Island State University, Bohol, Philippines
ruthceline.narciso@bisu.edu.ph

**Jessica Gleban**
Bohol Island State University, Bohol, Philippines
jessica.gleban@bisu.edu.ph

**Precious L. Hoylar**
Bohol Island State University, Bohol, Philippines
precioushoylar@gmail.com

**Jessa Mae Namocot**
Bohol Island State University, Bohol, Philippines
jessa.namocot@bisu.edu.ph

**Vera Justmel D. Paredes**
Bohol Island State University, Bohol, Philippines
verajustmel.paredes@bisu.edu.ph

***Abstract*— This study aims to identify the attitudes and levels of speaking proficiency of students at Mansasa National High School for the school year 2023-2024. A qualitative and quantitative research design was employed, involving the distribution of questionnaires or checklists and the observation of students while they spoke (delivering speeches). The respondents were Grade 10 students, and a total of forty (40) respondents were selected using Cluster Random Sampling.The questionnaire used was self-constructed and based on various attitudes of students toward speaking (delivering speeches). A rubric was also used to assess the speeches delivered by the participants. The questionnaires were personally distributed to the students after an observation of their speeches was conducted. It was found that the students strongly agreed with the various attitudes before, during, and after delivering speeches, and it was confirmed that their level of proficiency in speaking the Filipino language is high. It also revealed that there is no significant correlation between attitudes and the level of speaking proficiency. The conclusion states that the speaking proficiency of the students depends on their own efforts, and there is a need to further develop their skills and increase awareness and interest in speaking. A constructive critique of the students' speeches from teachers is also recommended to aid in their development and inspire them to continuously improve their speaking abilities.**

***Keywords—attitude; speaking tools; knowledge; communication; public speaking***

ABSTRAK

*Ang pag-aaral na ito ay ang pagtukoy sa saloobin at antas ng kasanayan sa pagsasalita ng mga mag-aaral sa Mansasa National High School, taong panuruan 2023-2024. Ginamit ang kwalitatibo at kwantitatibong disenyo sa paraang pagbibigay ng talatanungan o tseklist at pagmamasid sa mga mag-aaral habang nagsasalita (pagtatalumpati). Ang respondente ay mga mag-aaral ng baitang 10 at gamit ang Cluster Random Sampling ay nakuha ang kabuuang bilang ng respondente na apatnapu (40). Ang talatanungang ginamit ay sariling gawa ayon sa iba't ibang saloobin ng mga mag-aaral sa pagsasalita (talumpati). Gumamit din ng isang rubrik para sa pagmamasid sa ginawang talumpati ng mga kalahok. Ang mga talatanungan ay ibinahagi ng personal sa mga mag-aaral pagkatapos maisagawa ang isang obserbasyon sa pagtatalumpati. Natuklasan na lubos na sumasang-ayon ang mga mag-aaral sa iba't ibang mga saloobin bago, habang, at pagkatapos magtalumpati at napatunayan na mataas ang antas ng kasanayan sa pagsasalita ng wikang Filipino. Lumabas din na walang makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng saloobin at antas ng kasanayan sa pagsasalita. Nasasaad sa kongklusyon na ang kasanayan sa pagsasalita ng mga mag-aaral ay nakadepende sa mga ito at ang kailangang gawin ay paunlarin ang kasanayan at pataasin ang kamalayan at kawilihan sa pagsasalita. Ang isang konstruktibong puna sa pagsasalita ng mga mag-aaral na mula sa mga guro ay inirerekomenda rin para makatutulong sa pag-unlad at magbigay inspirasyon na patuloy na pagbutihin ang kakayahan sa pagsasalita.*

***Susing-salita:*** *saloobin, kasangkapan sa pagsasalita, kaalaman, komunikasyon, pagtatalumpati*

## I. Introduction

Isa sa pinakamahalagang kasanayang pangwika ay ang pagsasalita. Lahat ng wika ay sinasalita ng tao bago sinulat at binasa. Kung wala ang wika ay hindi maipahahayag ng isang tao ang ideya, kaisipan, at damdamin. Ito rin ang nagbubuklod sa mga tao mula sa iba pang nilalang. Nagbibigay pribilehiyo ito na maunawaan ng isang tao ang kapwa. Dahil dito, lubhang mahalaga ang wasto at mabisang pagsasalita.

Sa bansang Pilipinas, ang wikang pambansa na siyang isinulong ng yumaong si Manuel L. Quezon ay ang wikang Filipino, ang wikang nagbubuklod sa bawat Pilipino. Ayon kay Gallego (2016) na tinitingnan ang wika bilang isang mahalagang pagmamay-ari ng tao. Madalas ay kaakibat ng ganitong pagtingin ang partikular na sentimentalidad, kung saan pinapaboran ang sinaunang anyo ng wika dahil sa pagiging puro nito. Ito ang nagiging daan upang maibahagi sa iba ang mga saloobin, damdamin, at impormasyon.

Ayon sa pag-aaral ni Zuhriyah (2017), ang tagumpay sa pag-aaral ng isang wika sa simula ay makikita mula sa kakayahan ng mag-aaral sa pagsasalita. Maraming dahilan kung bakit nahihirapan ang isang tao sa pagsasalita, tulad ng kakulangan ng mga ideyang sasabihin, kakulangan ng mga bokabularyo upang ipahayag ang mga ideya, kawalan ng pagkakataong magsalit, at kawalan ng kawili-wiling paraan ng pagtuturo na maaring mag-udyok na magsalita.

Mapapansin na ang mga mag-aaral sa ibang bansa ay nahihirapan sa pagsasalita ng wikang Ingles gayundin sa bansang Pilipinas, na kung saan ang wikang pambansa ay Filipino ngunit marami sa mga Pilipinong mag-aaral ang nahihirapan sa pagsasalita nito. Ang iba ay nag-aatubili at mas pinipiling huwag gamitin ang wikang Filipino, bagkus, mas ginagamit ang bernakular na wika na kung saan mas komportable at sanay.

Kaugnay nito, sinabi nina Varon at Mandado (2020) na magamit para sa puspusang integrasyon ng iba't ibang aralin sa gawaing naaayon sa kakayahan, interes at pagkakaiba ng intelektwal na aspeto ng mga estudyante na sanayin sa pagsasalita at pagsusulat sa masining na pagpapahayag. Isa sa mga kasanayang napapaloob sa paglinang ng makrong kasanayan sa pagsasalita ay ang pagtatalumpati. Ang pagtatalumpati ay isang kapaki-pakinabang at masining na pasalitang pagtalakay ng paksa. Ang kahusayan sa pagtatalumpati ay natatamo sa puspusang pag-aaral at pagsasanay sa pagsasalita. Ang kaalaman at kahandaan ay dapat ipakita sa aktwal na pagsasalita.

Ito ang dahilan kung bakit nahikayat ang mga mananaliksik na matukoy ang saloobin at antas ng kasanayan sa pagsasalita ng mga mag-aaral sa Mansasa National High School. Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito, malalaman at mabibigyan ng mga mungkahing paraan ang mga suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral sa pagsasalita ng wikang Filipino at mapapahalagahan ang paggamit ng wikang pambansa.

## II. RESEARCH OBJECTIVE

Ang pangunahing layunin ng pag-aaral ay matukoy ang saloobin at antas ng kasanayan sa pagsasalita ng wikang Filipino ng mga mag-aaral sa baitang sampu ng Mansasa National High School. Tiniyak na masagot ang mga sumusunod: antas ng kasanayan sa pagsasalita; saloobin ng mga mag-aaral bago, habang, at pagkatapos ng talumpati; at ang makabuluhang ugnayan ng saloobin at antas ng kasanayan sa pagsasalita ng wikang Filipino.

## III. RESEARCH METHODOLOGY

Ang pag-aaral ay gumamit ng kwantitatibo at kwalitatibong disenyo na kung saan ginamit ang talatanungan sa pagkuha ng saloobin ng mga mag-aaral sa pagtatalumpati at rubriks naman para sa pagmamasid sa mga mag-aaral habang nagtatalumpati.

### RESEARCH INSTRUMENT

Gumamit ng sariling gawang talatanungan na tseklist sa pagkuha ng saloobin ng mga mag-aaral. Nahahati sa tatlong bahagi ang talatanungan. Ang unang bahagi ay ang saloobin ng mga mag-aaral bago ang pagtatamlumpati, ang ikalawa naman ay habang nagtatalumpati at ang huli at ikatlo ay ang pagkatapos ng pagtatalumpati.

Sa pagkuha naman ng antas ng kasanayan sa pagsasalita, gumamit ang mgamananaliksik ng ilan sa mga krayterya o rubriks na ginamit ni Valete (2022) nakinapapalooban ng mga pamantayan sa pagtatalumpati ng mga mag-aaral kagaya ng nilalaman at kasangkapan sa pagsasalita. Ito ay dinagdagan at ibinatay sa suliranin ng pag-aaral

## IV. DISCUSSION

Sa bahaging ito nakalahad ang pagtatalakay tungkol sa saloobin, antas ng kasanayan sa pagsasalita at ang kaugnayan ng saloobin sa antas ng kasanayan.

### Saloobin ng mga Mag-aaral sa Pagtatalumpati

Ang saloobin ay ang damdamin at pananaw ng mag-aaral patungkol sa pagsasalita gamit ang wikang Filipino. Sa pag-alam sa saloobin ng mga mag-aaral nabibigyan ng pagkakataon upang malaman ang kagustuhan ng mga mag-aaral ukol sa kasanayang pagsasalita.

**Talahanayan 1.1**
**Saloobin ng mga Mag-aaral Bago Magtalumpati**

| Bago Magtalumpati | WM | Deskripsyon |
|---|---|---|
| 1. Nakararanas ako ng kaba at tensyon bago sumalang sa pagtatalumpati. | 3.53 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 2. Nagbibigay ng kumpyansa sa sarili ang pagtitig sa aking repleksyon sa salamin at pag-eensayo sa harap nito. | 3.03 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 3. Nahahasa ko ang aking kasanayan sa pagsasalita sa pamamagitan ng panonood ng mga bidyu ng mga taong nagtatalumpati. | 2.65 | Sumasang-ayon |
| 4. Nakakakuha ako ng mga ideya sa paraan ng epektibong pagtatalumpati sa pamamagitan ng pananaliksik sa internet. | 3.18 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 5. Binibigyang importansya ko | 3.10 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 6. Ang pagdadasal | 3.28 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 7. Ang pagtatanong sa aking mga kaklase kung ano ang magandang paksa para sa pagtatalumpati ay malaking tulong para sa akin. | 3.10 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 8. Sa pamamagitan ng pag-*inhale-exhale*, napapakalma ko ang aking sarili bago sumalang sa pagtatalumpati. | 3.13 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 9. Hindi ko hinahayaan ang aking sarili na mag-isip ng mga negatibong bagay. | 3.28 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 10. Ang paghingi ng payo sa mga kaibigan at kaklase ay nagbibigay ng lakas ng loob sa akin upang maayos kung mailahad ang aking talumpati. | 3.20 | Lubos na Sumasang-ayon |
| **KABUUAN** | **3.15** | **Lubos na Sumasang-ayon** |

n=40

Ang Talahanayan 1.1 ay nagpapakita sa saloobin ng mga mag-aaral bago magtatalumpati, makikita na ang may pinakamataas na tugon ay ang unang bilang na nagsasabing *nakararanas ako ng kaba at tensyon bago sumalang sa pagtatalumpati* na nakakuha ng 3.53 na *weighted mean* na may deskripsyong lubos na sumasang-ayon. Ibig sabihin marami sa mga mag-aaral ang lubos na sumasang-ayon na sila ay nakararanas ng kaba at tensyon bago sumalang sa pagtatalumpati.

May mga sitwasyon na hindi sapat na ang tao ay matuto lamang ng lengguwahe at makapagsalita, marapat na maunawaan at magamit nito ang wika nang tama (Dragon, 2023). Higit sa lahat ay kailangan ding ihanda ang sarili upang maibsan ang kaba at tension sa oras ng pagbigkas. Ang may pinakamababang tugon naman ay ang bilang tatlo na nagsasabing *nahahasa ko ang aking kasanayan sa pagsasalita sa pamamagitan ng panonood ng mga bidyo ng mga taong nagtatalumpati* na mayroong 2.65 na *weighted mean* na nangangahulugang sumasang-ayon ang mga respondente sa nasabing pahayag. Ibig sabihin naman nito ay mababa ang bilang ng mga mag-aaral na sumasang-ayon na nahahasa ang kanilang kasanayan sa pagsasalita sa pamamagitan ng panonood ng mga bidyu. Ang panonood ng bidyu ay kadalasang may dalang distraksyon, ito ang dahilan kung bakit kaunti lamang sa mga mag-aaral ang sumasang-ayon na ito ay nakatutulong sa kanila. Ang resultang ito ay salungat sa pag-aaral nina Ruelo et al. (2022) na nagsasabing ang paggamit ng interaktibong bidyo na mateyal sa pagkatuto ng mga mag-aaral ay gamitin upang maging produktibo ang pakikinig ng mga mag-aaral sa talakayan, makuha ang interes sa talakayan, at madaling nauunawaan ang talakayan. Ang kabuuang resulta ng saloobin ng mga mag-aaral bago magtatalumpati ay nasa 3.15 na *weighted mean*. Ito ay nangangahulugang lubos na sumasang-ayon ang mga mag-aaral sa mga saloobing ito. Ito rin ay nagpapakita na positibo ang pagtanaw ng mga mag-aaral sa mga pahayag bago magtatalumpati.

**Talahanayan 1.2**
**Saloobin ng mga Mag-aaral Habang Nagtatalumpati**

| Habang Nagtatalumpati | WM | Deskripsyon |
|---|---|---|
| 1. Hindi ko hinahayaan na lamunin ako ng aking kaba habang nagtatalumpati. | 3.15 | Lubos na Sumasang- ayon |
| 2. Ang wastong tinig, tindig at paraan ng pagbigkas ay aking pinapahalagahan. | 3.40 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 3. Ang paglapat ng tamang emosyon sa pagbigkas ng aking talumpati ay napakahalaga. | 3.30 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 4. Hindi ko hinahayaang madistrak ako ng mga ingay sa paligid. | 3.28 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 5. Positibo ang aking pananaw at pinagkakatiwalaan ko ang aking sarili na mailahad ng maayos ang aking talumpati. | 3.43 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 6. Ang tamang gramatika at konstruksyon ng mga pangungusap ay aking pinapahalagahan. | 3.43 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 7. Binibigyang importansya ko ang paggamit ng wikang Filipino pang mailahad ng mahusay ang aking talumpati. | 2.83 | Sumasang-ayon |
| 8. Ang mapukaw ang atensyon at damdamin ng aking manonood at tagapakinig ay napakahalaga sa akin. | 3.13 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 9. Isang magandang teknik para sa akin ang pag- iisip ng mga adlib sa tuwing nakakalimutan ko ang aking mga linya. | 3.30 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 10. Madali para sa akin na bigyang-diin ang mga mahahalagang pananaw na nais iparating sa mga tagapakinig. | 3.38 | Lubos na Sumasang-ayon |
| **KABUUAN** | **3.26** | **Lubos na Sumasang-ayon** |

n=40

Ang Talahanayan 1.2 naman ay nagpapakita sa saloobin ng mga mag-aaral habang nagtatalumpati. Mahalaga na malaman ang saloobin ng mga mag-aaral habang nagtatalumpati dahil ito ay nagbibigay

daan sa mas malalim na ugnayan sa kanilang kaisipan at damdamin. Makikita na dalawa ang may pinakamataas na tugon na nasa bilang lima at anim. Ang bilang lima ay nagsasabing *positibo ang aking pananaw at pinagkakatiwalaan ko ang aking sarili na mailahad ng maayos ang aking talumpati* at ang bilang anim naman ay nagsasabing *ang tamang gramatika at konstruksyon ng mga pangungusap ay aking pinahahalagahan*. Ang dalawa ay may 3.43 na *weighted mean*. Nagpapahiwatig na lubos na sumasang-ayon ang mga mag-aaral sa mga saloobing ito. Ibig sabihin ang mga mag-aaral ay sumasang-ayon ng lubos sa dalawang pahayag na nagsasabing positibo at pinagkakatiwalaan ang sarili na mailahad nang maayos ang talumpati at pinahahalagahan ang tamang gramatika at konstruksyon ng mga pangungusap habang nagtatalumpati. Ito ay nagpapahiwatig na hindi nakadama ng *public speaking anxiety* ang mga mag-aaral habang isinasagawa ang pagtatalumpati. Ang may pinakamababang tugon naman ay ang bilang pito na nagsasabing *binibigyang importansya ko ang paggamit ng wikang Filipino upang mailahad ng mahusay ang aking talumpati* na may *weighted mean* na 2.83 at deskripsyong sumasang-ayon. Ito naman ay nagpapahiwatig na mababa ang bilang ng mga mag-aaral na sumasang-ayon sa pagbibigay importansya sa paggamit ng wikang Filipino upang mailahad ng mahusay ang pagtatalumpati. Ilan sa mga posibleng sanhi nito ay ang impluwensya ng globalisasyon at teknolohiya na nagdadala ng dominasyon ng wikang Ingles, ang persepsiyon ng mas mataas na halaga ng ibang wika, o kahit ang kakulangan ng pagpapahalaga sa sariling kultura at wika. Binanggit ni Dragon (2023) na sa Pilipinas, patuloy na naging suliranin kung bakit hindi magamit nang mabisa ng mga mag-aaral ang kayarian o gramatika at pagpapaliwanag kung papaano ang tamang paggamit ng wika sa aktwal napakikipagtalastasan. Ang kabuuang resulta ng saloobin ng mga mag-aaral habang nagtatalumpati ay nasa 3.26 na *weighted mean*. Ito ay nangangahulugang lubos na sumasang-ayon ang mga mag-aaral sa mga saloobing ito. Ibig sabihin ang mga mag-aaral ay nag papakita ng positibong pananaw sa mga pahayag habang nagtatalumpati. Ito ay dahil sa pagkakaroon ng kaugnayan sa paksa, personal na karanasan, o matibay na argumentong tagapagsalita.

**Talahanayan 1.3**
**Saloobin ng mga Mag-aaral Pagkatapos Magtalumpati**

| Pagkatapos Magtalumpati | WM | Deskripsyon |
|---|---|---|
| 1. Masarap sa pakiramdam kapag nahikayat ko na sumang-ayon ang mga manonood sa aking talumpati. | 3.40 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 2. Masaya ako kapag naintindihan nila ang aking talumpating ibinahagi. | 3.38 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 3. Nakaramdam ako ng kaginhawaan pagkatapos ng aking talumpati. | 3.58 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 4. Ako ay nasiyahan sa resulta ng aking ginawang talumpati. | 3.18 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 5. Nagustuhan ko ang mga puntong aking ibinahagi sa mga manonood. | 3.08 | Lubos n a Sumasang-ayon |
| 6. Nagkaroon ako ng mga reyalisasyon pagkatapos ng talumpati. | 3.13 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 7. Nakagagaan sa loob ang mga papuri at palakpak na galing sa mga manonood. | 3.38 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 8. Madali para sa akin ang paggamit ng wasto sa wikang Filipino sa aking talumpati at ito ay nagbigay ng tuwa at sigla sa aking sarili. | 3.28 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 9. Positibo kong tinanggap ang mga komento na ibinigay ng mga tagapakinig. | 3.40 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 10. Ako ay kuntento sa aking ginawang pagtatalumpati. | 3.18 | Lubos na Sumasang-ayon |
| **KABUUAN** | **3.30** | **Lubos na Sumasang-ayon** |
| **KABUUAN NA WEIGHTED MEAN** | **3.25** | **Lubos na Sumasang-ayon** |

n=40

Ang Talahanayan sa itaas ay ang saloobin ng mga mag-aaral pagkatapos magtalumpati. Mapapansin na ang may pinakamataas na tugon ay ang bilang tatlo na nagsasabing *nakararamdam ako ng kaginhawaan pagkatapos ng aking talumpati* na nakakuha ng 3.58 na *weighted mean* at ito ay mailalarawan bilang lubos na sumasang-ayon. Ibig sabihin marami sa mga mag-aaral ang nakakaramdam ng kaginhawaan pagkatapos magtalumpati dahil sa positibong karanasan at tagumpay na nadarama mula sa pagsasalita. Ang pagganap ng maayos at epektibong talumpati ay maaaring magdulot ng kumpiyansa at pagkakaroon ng pakiramdam ng tagumpay. Ayon kay Kansil et al. (2022) ang tiwala sa sarili ay isang mahalagang bahagi ng kasanayan sa pagsasalita dahil ito ay maaaring magbigay ng sigasig, tapang, at sigla sa mga mag-aaral. Ang pagkakaroon ng mataas na tiwala sa srili ay tiyak makakamit ng mahusay na pagganap sa kasanayan sa pagsasalita. Samantala, ang pinakamababang tugon naman ay ang bilang lima na nagsasabing *nagustuhan ko ang mga puntong aking ibinahagi sa mga manonood* na mayroong 3.08 na *weighted mean* na nangangahulugang lubos na

sumasang-ayon ang mga respondente sa nasabing saloobin. Ibig sabihin naman nito ay maliit lamang ang bilang ng mga mag-aaral na nagustuhan ang mga puntong ibinahagi sa mga manonood pagkatapos magtalumpati. Ito ay dahil sa kawalan ng kumpiyansa sa sarili, takot sa paghatol ng iba, o hindi kasiya-siyang preparasyon sa pagsusuri ng kanilang pahayag. Nabanggit ni Putri (2020) na nagkakaroon ng pagkabalisa sa pagsasalita ng Ingles ang mga mag-aaral kapag gusto nila magsalita o sumagot tungkol sa tanong o kahit kaunting talumpati. Pakiramdam ng ilan ay hindi sila nagkakamali sa harap ng kanilang mga kaibigan o guro. Iyan ay mapapansin hindi lamang sa pagsasalita ng Ingles ng mga mag-aaral kung hindi maging sa wikang Filipino. Ang kabuuang resulta sa mga saloobing ito ay may *weighted mean* na 3.30. Ito ay isang indikasyon na lubos na sumasang-ayon ang mga mag-aaral sa mga saloobin pagkatapos magtalumpati. Kung maramdaman ang mga mag-aaral na naiparating ang mensahe ng maayos, maaaring maging sanhi ito ng kasiyahan at kaginhawaan.

**Talahanayan 1.4**
**Saloobin ng mga Mag-aaral sa Pagtatalumpati**

| Saloobin ng mga Mag-aaral | WM | Deskripsyon |
|---|---|---|
| Bago Magtalumpati | 3.15 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Habang Magtalumpati | 3.26 | Lubos na Sumasang-ayon |
| Pagkatapos Magtalumpati | 3.30 | Lubos na Sumasang-ayon |
| **KABUUAN** | **3.25** | **Lubos na Sumasang-ayon** |

n=40

Ang kabuuang resulta ng tatlong talahanayan na nagpapakita ng saloobin ng mga mag-aaral sa pagsasalita bago, habang at pagkatapos ng talumpati ay may kabuuang *weighted mean* na 3.25 na nangangahulugang ang mga mag-aaral ay lubos na sumasang-ayon sa nasabing mga saloobin at positibo ang naging pananaw sa lahat ng mga pahayag na nabanggit sa talatanungan.

Ang kabuuang resulta ay sumasang-ayon sa pag-aaral ni Dragon (2023), ayon sa kanya mahalaga ring pagtuonan ng pansin ang kakayahan ng tao na magamit ang wika sa paraang komunikatibo. Ito ang kakayahan ng tao na magamit ang wika ayon sa pangangailangan nang wasto at angkop sa isang tiyak na gawain. Ito ay magagamit sa pakikipag-usap, pagkukwento o pagsasalaysay at pakikipagtalakayan. Higit na nabibigyang katuparan ng isang indibidwal ang mga hangarin sapagkat naipahayag ng lubos ang damdamin, naisalaysay ang mga karanasan at nasabi ang kaalaman sa paraang pasalita.

Ang lubos na pagsang-ayon ng mga mag-aaral sa saloobin patungkol sa pagsasalita ay bunsod ng iba't ibang mga kadahilanan. Ito ay dahil sa karanasan sa pagsasanay at pag-unlad ng kasanayan sa pagsasalita, kung saan nakakamit nila ang tagumpay o pag-unlad sa komunikasyon. Bukod dito, ang positibong karanasan at suporta mula sa guro, pamilya, at kapwa mag-aaral ay nag-ambag din sa kasiyahan at pagsang-ayon ng mga mag-aaral sa sariling kakayahan sa pagsasalita.

## Antas ng Kasanayan sa Pagsasalita

Ang bahaging ito ay napapatungkol sa antas ng kasanayan sa pagsasalita ng mga mag-aaral. Makikita dito ang mga talahanayan 2.1 patungkol sa antas ng kasanayan sa kaalaman at 2.2 patungkol sa antas ng kasanayan sa kasangkapan sa pagsasalita. Sa talahanayan 2.3 naman ay makikita ang kabuuang resulta ng dalawang bahagi sa antas ng kasanayan sa pagsasalita; ito ang kaalaman at kasangkapan sa pagsasalita. Mayroon itong interpretasyon na masusing ipinaliwanag ang ipinapakita ng bawat talahanayan at ang mga pag-aaral na tumutugma at tumataliwas sa naging resulta ng pag-aaral.

**Talahanayan 2.1**
**Antas ng Kasanayan ng mga Mag-aaral sa Balarila at Nilalaman**

| Kaalaman | Iskor | Deskripsyon | F |
|---|---|---|---|
| Balarila | 4 | Napakataas ang Antas ng Kasanayan | 20 |
| | 3 | Mataas ang Antas ng Kasanayan | 16 |
| | 2 | Mababa ang Antas ng Kasanayan | 4 |
| | 1 | Napakababa ang Antas ng Kasanayan | 0 |
| ***Mean*** | **3.40** | **Napakataas ang Antas ng Kasanayan** | |
| Nilalaman | 4 | Napakataas ang Antas ng Kasanayan | 21 |
| | 3 | Mataas ang Antas ng Kasanayan | 16 |
| | 2 | Mababa ang Antas ng Kasanayan | 3 |
| | 1 | Napakababa ang Antas ng Kasanayan | 0 |
| ***Mean*** | **3.45** | **Napakataas ang Antas ng Kasanayan** | |
| ***Grand Mean*** | **3.43** | **Napakataas ang Antas ng Kasanayan** | |

n=40

Ang resulta sa antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsasalita patungkol sa kaalaman na kinapapalooban ng balarila at nilalaman ay may *weighted mean* na 3.40 na nagpapahiwatig na napakataas ang antas ng kasanayan. Ibig sabihin ang balarila ay pinahahalagahan ng mga mag-aaral sa pagtatalumpati. Sa nilalaman naman 3.45 ang naging *weighted mean* ng mga mag-aaral na may napakataas na antas ng kasanayan. Ibig sabihin parehong napahahalagahan ng mga mag-aaral ang balarila at nilalaman ng pagtatalumpati. Sa kabuuan, mayroong 3.43 na *weighted mean* ang bahaging kaalaman na nagpapahiwatig na napakataas ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagtatalumpati. Ito ay nagbibigay konklusyon na ang kaalaman sa pagtatalumpati ay mahalaga sa mga mag-aaral kung kaya mataas ang antas ng kasanayan sa bahaging ito.

Ang resultang ito ay taliwas sa resulta ng pag-aaral ni Lazaro (2011), lumabas na may taglay na husay o kasanayan sa pagsasalita ang mga mag-aaral sa pagkukuwento at talumpating ekstemporenyos subalit nabalitaan angkakulangan sa kasanayan sa pagtatalumpating impromptu. Nagpapakita ito ng kaibahan sa resulta na lumabas sa ginawang obserbasyon ng mga mananaliksik sa pagtatalumpati ng mga ma-aaral dahil ang naging resulta ay mataas ang antas ng kanilang kasanayan. Kailangan na matutunan ang isang wika hindi lamang upang makapagsalita bagkus kailangan itong magamit sa wasto at tamang paraan. Makikita rin ang kasanayan sa pagsasalita ng isang tao kung nagpamalas ito ng matatag na damdamin, malawak na kaisipan, at kasanayan sa wika, retorika, at balarila. Ang mataas na antas ng kasanayan sa pagsasalita ng isang mag-aaral ay maaaring nagpapahiwatig ng magandang komunikasyon, kahusayan sa pagbuo at pagpapahayag ng ideya, at posibleng mataas na antas ng intelehensiya.

**Talahanayan 2.2**
**Antas ng Kasanayan ng mga Mag-aaral ayon sa Kasangkapan sa Pagsasalita**

| Kasangkapan sa Pagsasalita | Iskor | Deskripsyon | F |
|---|---|---|---|
| Tindig | 4 | Napakataas ang Antas ng Kasanayan | 6 |
| | 3 | Mataas ang Antas ng Kasanayan | 17 |
| | 2 | Mababa ang Antas ng Kasanayan | 17 |
| | 1 | Napakababa ang Antas ng Kasanayan | 0 |
| ***Mean*** | **2.80** | **Mataas ang Antas ng Kasanayan** | |
| Tinig | 4 | Napakataas ang Antas ng Kasanayan | 8 |
| | 3 | Mataas ang Antas ng Kasanayan | 17 |
| | 2 | Mababa ang Antas ng Kasanayan | 14 |
| | 1 | Napakababa ang Antas ng Kasanayan | 1 |
| ***Mean*** | **2.90** | **Mataas ang Antas ng Kasanayan** | |
| Kumpas | 4 | Napakataas ang Antas ng Kasanayan | 1 |
| | 3 | Mataas ang Antas ng Kasanayan | 8 |
| | 2 | Mababa ang Antas ng Kasanayan | 30 |
| | 1 | Napakababa ang Antas ng Kasanayan | 1 |
| ***Mean*** | **2.30** | **Mababa ang Antas ng Kasanayan** | |
| Pagbigkas ng Salita | 4 | Napakataas ang Antas ng Kasanayan | 8 |
| | 3 | Mataas ang Antas ng Kasanayan | 27 |
| | 2 | Mababa ang Antas ng Kasanayan | 5 |
| | 1 | Napakababa ang Antas ng Kasanayan | 0 |
| ***Mean*** | **3.18** | **Mataas ang Antas ng Kasanayan** | |
| Ekspresyon ng Mukha | 4 | Napakataas ang Antas ng Kasanayan | 4 |
| | 3 | Mataas ang Antas ng Kasanayan | 18 |
| | 2 | Mababa ang Antas ng Kasanayan | 10 |
| | 1 | Napakababa ang Antas ng Kasanayan | 8 |
| ***Mean*** | **2.53** | **Mataas ang Antas ng Kasanayan** | |
| ***Grand Mean*** | **2.74** | **Mataas ang Antas ng Kasanayan** | |

n=40

Sa antas ng kasanayan ng mga mag-aaral patungkol sa kasangkapan sa pagsasalita ay makikita

na ang pinakamataas na kasangkapan ay ang "pagbigkas ng salita" na may *weighted mean* na 3.18 na nagpapahiwatig na mataas ang antas ng kasanayan. Ibig sabihin, ang mga mag-aaral ay magaling at bihasa sa pagbigkas ng wikang Filipino. Ang kasangkapan naman na may mababang *weighted mean* na 2.30 ay ang "kumpas" na nagpapahiwatig na mababa ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral. Dahil dito, masasabi na ang mga mag-aaral ay hindi sanay at hindi masyadong gumagamit ng kumpas sa pagtatalumpati. Sa kabuuan, ang kasangkapan sa pagsasalita ay may *weighted mean* na 2.74 nanagpapahiwatig na mataas ang antas ng kasanayan sa pagsasalita ng mga mag-aaral. Mahihinuha na ang ginawang obserbasyon sa pagtatalumpati sa kasangkapan sa pagsasalita ay mataas, kung kaya ang mga mag-aaral sa bahaging ito ay may mataas na antas na kasanayan sa pagtatalumpati at pagsasalita ng wikang Filipino.

Ito ay sinuportahan ng pag-aaral ni Misa (2021), sinabi niya na isang mahalagang kasangkapang nagagamit ng tao sa paglinang ng mga kasanayang nabanggit ang wika. Isasaalang-alang itong kasangkapan sapagkat sa wika naipapahayag ng tao ang kanyang kaisipan at saloobin. Sa pagsasanay ay dapat bigyang halaga ang ekspresyon ng mukha, galaw ng kamay, lakas at linaw ng tinig upang higit na maging kapani-paniwala at kagalang-galang sa harap ng mga tagapakinig. Ito ay nagbibigay ng pundasyon para sa epektibong pagsasalita. Sa pamamagitan ng regular na praktika at paggamit ng mga kasangkapan, nagiging masigla ang pag-unlad ng kasanayan sa pagsasalita.

Ang mga kasangkapan sa pagsasalita ay mahalaga sa pag-unlad ng kakayahan sa komunikasyon ng mga mag-aaral. Ito ay nagbibigay oportunidad na maipahayag ng maayos ang kanilang mga ideya at damdamin, nagbibigay daan para sa masusing pakikipagtalastasan, at nagpapalawak ng kanilang kaalaman sa wika.

**Talahanayan 2.3**

**Antas ng Kasanayan ng mga Mag-aaral ayon sa Kaalaman at Kasangkapan sa Pagtatalumpati**

| Antas ng Kasanayan | WM | Deskripsyon |
|---|---|---|
| Kaalaman | 3.43 | Napakataas ang Antas ng Kasanayan |
| Kasangkapan sa Pagsasalita | 2.74 | Mataas ang Antas ng Kasanayan |
| **Kabuuan** | **3.09** | **Mataas ang Antas ng Kasanayan** |

n=40

Ang Talahanayan 2.3 ay nagpapakita sa kabuuang resulta ng antas ng kasanayan sa pagsasalita ng mga mag-aaral. Ang may mataas na resulta ay ang kaalaman na may *weighted mean* na 3.43 na nagpapahiwatig na napakataasa ng antas ng kasanayan sa pagsasalita ng mga mag-aaral. Ibig sabihin mas mataas ang paggamit ng mga mag-aaral sa kaalaman kung ikukumpara sa paggamit ng kasangkapan ng pagsasalita sa pagtatalumpati. Samantalang ang kasangkapan sa pagsasalita naman ay may *weighted mean* na 2.74 na may deskripsyong mataas ang antas ng kasanayan. Ibig sabihin naman nito ay mataas ang kasanayan sa paggamit ng mga mag-aaral sa kasangkapan sa pagsasalita. Ang kabuuang resulta ng dalawang bahagi ay may *weighted mean* na 3.09 na ang ibig sabihin ay mataas ang antas ng kasanayan ng mg amag-aaral sa pagsasalita ng wikang Filipino.

Ito ay sinuportahan sa resulta ng pag-aaral nina Saul, A.J.G. et al. (2020) na tumutukoy sa pagbibigay, pagbabahagi ng kaisipan at mensahe sa pamamagitan ng berbal na paraan na ginagamit ang wika na may wastong tunog,tamang gramatika, upang malinaw na maipaliwanag ang damdamin at kaisipan. Kapag mataas ang antas ng kasanayan sa pagsasalita ng mga mag-aaral, ito ay nangangahulugang magaling sila sa paggamit ng wika at sa pagpapahayag ng mga ideya. Ito ay kaugnay sa kakayahan sa komunikasyon, pagbuo ng mga argumento, at pagpapahayag ng sariling opinyon sa pamamagitan ng sining ng pagsasalita. Ito ay madalas na kaugnay sa mahusay na pag-unawa at kasanayan sa wika. Ito ay nagpapakita ng positibong ugnayan sa iba't ibang aspeto ng buhay ng isang mag-aaral. Ito ay kaugnay sa mas mataas na marka sa paaralan, mas mabuting pakikipag-ugnayan sa kapwa, at mas magandang oportunidad dahil sa mahusay na kakayahan sa pagsasalita.

**Talahanayan 3**

**Kaugnayan ng Saloobin at Antas ng Kasanayan sa Pagsasalita**

Sa bahaging ito makikita ang isang talahanayan na naglalahad tungkol sa makabuluhang kaugnayan ng saloobin at antas ng kasanayan sa pagsasalita ng mga mag-aaral.

| | Spearman's Rho Correlation | P - Value | Deskripsyon | Interpretas-yon | Desisyon |
|---|---|---|---|---|---|
| **Saloobin vs. Antas ng Kasanayan sa Pagsasalita** | 0.1570 | 0.33 | Maliit na ugnayan | Walang makabuluhang kaugnayan | Tatanggapin ang hypotesis |

n=40

Ang coefficient ng Spearman Correlation na 0.1570 ay mababang positibong ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol. Gayunpaman, ang coefficient na malapit sa zero ay nagsasaad ng kahinaan ng *linear* naugnayan. Bagama't ito ay positibo, ang halaga na ito ay mababa, na nagpapahiwatig ng isang mahina na ugnayan. Maaaring mayroong ilang pagtaas sa isa't isa, ngunit ang ugnayan ay hindi gaanong malinaw. Maaaring mayroong ilang pagtaas sa isa't isa, ngunit ang ugnayan ay hindi gaanong malinaw. Ang mataas

na *p-value* na 0.33 ay nangangahulugang wala o mahina ang ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol. Sa kabuuang pagsusuri ng ugnayan ng ranggo ng *Spearman*, mayroong napakahinang positibong ugnayan sa pagitan ng saloobin at antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsasalita. Iminumungkahi ng mga resulta na ang dalawang baryabol ay walang makabuluhang ugnayan sa isa't isa. Kung kaya ang ipotesis sa pag-aaral na ito ay tatanggapin.

Ang resulta ng pag-aaral na ito ay sumasang-ayon sa pag-aaral ni Zuhriyah (2017), na nagsasaad na walang makabuluhang ugnayan ang saloobin at antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsasalita sapagkat maraming dahilan kung bakit nahihirapan ang isang tao sa pagsasalita. Ito ay nangangahulugan na hindi nakaaapekto ang saloobin sa antas ng kasanayan sa pagsasalita ng mga mag-aaral. Ang kakulangan sa ugnayan ng saloobin at antas ng kasanayan sa pagsasalita ng mga mag-aaral ay maaaring dahil sa iba't ibang kadahilanan. Maaaring ito ay sanhi ng kakulangan sa pagtutok ng edukasyon sa paglinang ng komunikasyon at interpersonal na kasanayan. Ang mga pagsasanay na nagtatampok ng pag-unlad ng kasanayan sa pagsasalita at pagpapahayag ng damdamin ay maaaring magbigay daan sa mas epektibong pagkakaroon ng ugnayan sa pagitan ng saloobin at antas ng kasanayan sa pagsasalita ng mga mag-aaral.

## V. CONCLUSION AND RECOMMENDATION

Mataas ang antas ng kasanayan sa pagsasalita ng mga mag-aaral dahil pinapahalagahan nila ang nilalaman at kasangkapan sa pagsasalita sa pamamagitan ng pagtatalumpati. Lubos na sinang-ayunan ng mga mag-aaral ang mga pahayag sa saloobin bago, habang, at pagkatapos magtalumpati dahil ang mga ito ay nakaimpluwensiya sa kanilang pagkatuto at pagsasanay sa pagsasalita. Walang ugnayan ang kanilang antas ng kasanayan sa pagsasalita sa saloobin sapagkat ang mga saloobin ay nakabatay lamang sakanilang pananaw at karanasan.

Batay sa resulta ng ginawang pag-aaral ay iminungkahi kailangang sumailalim ng mga mag-aaral sa mga pagsasanay o aktibidad na naglalayong mapalalim ang kasanayan sa pagsasalita upang mas lalong mapabuti ang kakayahan sa komunikasyon at pagsasalita. Para sa mga guro, iminumungkahi ng mga na magbigay ng konstruktibong puna sa pagsasalita ng mga mag-aaral. Ito ay makakatutulong sa pag-unlad at magbigay inspirasyon sa kanila na patuloy na pagbubutihan ang kakayahan. Para sa mga mananaliksik sa hinaharap maaring bumatay sa pananaliksik na ito upang maging reperensya sa pagsasagawang pananaliksik tungkol sa pagsasalita. Maaaring isagawa ang awput na nabuo batay na rin sa resulta ng pag-aaral. Ito ay makatutulong na mapalalim ang pag-unawa sa kasanayan sa pagsasalita at ang mga salik o nakasagabal dito.

## REFERENCES

[1] Gallego, M. K. (2016). "Isang pagsusuri sa korpus ukol sa pagbabago ng wikang Filipino", 1923-2013. Philippine Social Sciences Review, 68(1).Retrieved on March 24, 2024 from https://journals.upd.edu.ph/index.php/pssr/article/view/5395/4854.

[2] Dragon, C. (2023). "Pagtataya sa komunikatibong kasanayang pangwika ng mga guro sa filipino". American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR), Volume-07(Issue-01), pp-269-281. Retrieved on April 4, 2024 from https://www.ajhssr.com/wp-content/uploads/2023/01/ZG22701269281.pdf

[3] Kansil, V., Tuna, J., & Liando, N. (2022). "Analysis of the effect of students' self-confidence on speaking skill". JoTELL Journal of Teaching English, Linguistics, and Literature, Vol. 1(No. 5), 653–675. Retrieved on March 5, 2024 from file:///C:/Users/USER/Downloads/4209-Article%20Text-14976-1-10-20220602.pdf

[4] Lazaro, Allan T. (2001). "Kasanayan sa Pagsasalita". Retrieved May 18, 2023 from http://www.scribd.com/doc/99800732/

[5] Misa, R. (2021). "Kakayahan sa panggramatikang filipino ng mga mag-aaral ng grade 9 laboratory high school ng President Ramon Magsaysay State University". American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR), Volume-5(Issue-10), pp-58-68. Retrieved on May 5, 2024 from https://shorturl.at/j5L5o

[6] Putri, A. R. (2020). "A study of students' anxiety in speaking. Journal of Education, Linguistics, Literature and Language Teaching". Retrieved on March 6, 2024 from https://shorturl.at/qss6d

[7] Ruelo, M. M., Sy, S. M. V., Tesalona, M. V., Tornea, Z. M., & Ybanez, K. J. F. P. (2022). "Epekto ng interaktibong Video materyal sa pagkatuto ng Mag-Aaral sa College of Teacher Education Medyor sa Filipino": Vol.3, No.2. https://ojs.aaresearchindex.com/index.php/aasgbcpjmra/article/view/13509

[8] Saul, A. J. G., Capiz, J. R. D., & Milan, K. C. (2020). "Manipestasyon ng ika-21 siglong kasanayan at mungkahing gawaing makalilinang ng kasanayan sa kurikulum ng Filipino ng ikasampung baitang". Asia Pacific Higher Education Research Journal (APHERJ), 7(1). Retrieved on April 1, 2023 from https://tinyurl.com/4m5847tw.

[9] Valete, B. M. (2022). Rubriks Talumpati. Scribd. Retrieved March 8, 2024, from https://www.scribd.com/document/598136600/rubriks-talumpati

[10] Varon, F., & Mandado, J. (2020). Ang kasanayang pasalita gamit ang kagamitang multimidya sa antas tersyarya. American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR), Volume-4(Issue-12), pp-180-186. Retrieved on May 5, 2024 from https://shorturl.at/85L8h

[11] Zuhriyah, M. (2017). Storytelling to Improve Students' Speaking Skill. English Education: Jurnal Tadris Bahasa Inggris, 10(1), 119-13